



Libreng legal na konsultasyon at pagpapayo



Ang FICEC ay inatasan ng mga bayan ng Fujimino-shi, Fujimi-shi, and Miyoshi-machi na tumanggap ng konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan sa lunsod. Ang bilang ng mga konsultasyon ay mahigit 200 simula Oktubre 2023 ~ Marso 2024, at sumasaklaw sa malawak na hanay ng mga paksa at dumaraming bilang ng mga kumplikadong kaso, kabilang ang mana, paglabag sa kontrata at iba pa.

Paksa	Bilang ng kaso	Mga halimbawa ng ikinukonsulta
Edukasyon (paaralan at iba pa)	113	Hindi ako makasabay sa mga aralin sa eskuwela. Gusto kong magpatuloy ng pag-aaral sa high school. Gusto kong magpatulong sa pag-proseso sa paglipat sa ibang paaralan at sana ay masamahan ako sa pagkonsulta sa aking guro
Pag-aaral ng Nihongo	63	Gusto kong pumasok sa klase ng Nihongo upang mapabuti at mahasa ang aking kasanayan sa Nihongo.
Kasal, diborsyo, domestic violence at iba pa	29	Gusto kong kilalanin ng kanyang ama at magkaroon ng karapatan ang aking anak. Nais kong makipag diborsyo sa aking asawa.
Trabaho at pag e-employo	27	Hindi ko alam paano punuan ang kontrata sa trabaho Natanggal ako sa trabaho.

Kung ang problema ay may kaugnayan sa batas o sa institusyon nangangailangan ng dalubhasang kaalaman at payo. Maraming mga abogado at kwalipikadong propesyonal ang maaring dulugan ngunit maaari kang mag alala sa malaking gastusin. Sa ganitong kaso, mangyaring samantalain ang "libreng legal na konsultasyon" na gaganapin sa mga tanggapan ng imigrasyon, prefecture, lungsod, at bayan.

Tanggapan para sa pang-publikong konsultasyon	Telepono
Foreign Residents' Support Center (FRESC)	03-5363-3025
Saitama General Consultation Center for Foreign Residents	048-833-3296
Japan Legal Support Center	0570-078374
Fujimino-shi Legal Consultation	049-262-9025 049-256-7871
Fujimi-shi Legal Consultation (tumawag at magpalista)	049-251-2711 (Ext: 271, 272, 273)
Miyoshi-machi Legal Consultation (tumawag at magpalista)	049-258-0019 (Ext: 404, 405)

FICEC "Libreng konsultasyon sa administrative scrivener" Ituring nating ikalawang tahanan ang bansang Hapon

Ika-2 at ika-4 na Lunes
14:30—16:00



Ako po ay si Toda, isang certified administrative scrivener at tumatanggap ng konsultasyon sa residence status sa FICEC, ika-2 at ika-4 na Lunes ng buwan. Nagbibigay kami ng suporta upang matulungan ka sa iyong paninirahan dito sa Japan ayon sa katayuan ng iyong residence status. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa libreng konsultasyon sa isang administrative scrivener. Gagawin namin ang aming makakaya upang matugunan ang inyong pangangailangan

Kimihisa Toda [Administrative Scrivener] Toda Office
[Detalye ng suporta] [Gastusin/Libre]

- Aplikasyon para sa pahintulot na kumuha, mag-renew, o magpalit ng residence status
- Aplikasyon para sa pahintulot sa mga aktibidad maliban sa status ng paninirahan
- Para sa re-entry permit
- Aplikasyon para sa permanent residence
- Aplikasyon para sa pahintulot ng naturalisasyon.

- Proseso para sa personal na katayuan (kasal, diborsyo, pag-aampon, atbp.)
- Proseso sa pagtatatag ng korporasyon, mga kailangan para sa negosyo tulad ng restoran at iba pa

Tuwing ika-2 at ika-4 na Lunes ng buwan Oras; 14 : 30~16:00
Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC)

Administrative Scrivener Toda Office

107-31, Oaza-Fujikubo, Miyoshi-cho, Iruma-gun, Saitama
Mobil phone : 070-4136-0053
TEL : 070-8940-9795
FAX : 050-3385-5745
Mail : toda-office@e-mail.jp

Tungkol sa FICEC?

Mula sa west exit ng Kamifukuoka Stn. Tobu Tojo Line, ang FICEC ay malalakad ng 5 min. May malaking karatula ng "FICEC" na madaling makita. Malugod naming inaanyayahan ang sinumang nag aalala tungkol sa pamumuhay sa Japan at gayundin mga taong nasanay na sa buhay sa Japan at nais na makatulong sa mga dayuhan.

■ Konsultasyon sa pamumuhay (Libre)

Lunes ~ Biyernes 10 : 00~16 : 00

Mangyaring pumunta lamang kung mayroon kang anumang problema. Maaring ding magkonsulta sa sariling wika. Sisikapin naming matulungan kayo sa abot ng aming makakaya. Mayroon ding food bank upang makatulong sa mga nangangailangan.

- Hindi ko maintindihan ang nilalaman ng kasulatan na natanggap ko mula sa opisina ng munisipyo...
- Mga bata na pinapunta ng kanilang magulang dito sa Japan at nahihirapan sa kanilang pag-aaral sa eskuwelahan



■ Klase para sa pag-aaral ng Nihongo (Libre)

Lunes at Huwebes 10 : 00~11 : 30

Halos lahat ng mga dayuhang pumupunta sa Japan ang unang bagay na nahihirapan sila ay ang wikang Nihongo.

Sa FICEC ang klase ng Nihongo ay personal ang pagtuturo. Matutunan ang Nihongo na gamit sa pang araw araw at paghahanda para sa Japanese Language Proficiency Test.



■ International Children's Club (Libre)

Sabado 9 : 00~11 : 30

Nagbibigay kami ng suporta sa pag-aaral ng mga bata na ang magulang ay dayuhan at sinisikap namin upang sila ay maging masaya



Sama-sama tayong mag-aral!

■ Suporta para sa mga batang 15 taon gulang pataas (Libre)

Nais naming matulungan ang mga batang may pangarap na makapag-aral sa high school. Para sa paghahanda sa mga pagsusulit ay sinu-suportahan namin sila.

Kumunsulta lamang para sa oras ng pag-aaral.



■ Café ficec (500 yen)

Tuwing ika-unang Linggo ng buwan

14:00 ~ 15:30

Ang English café ay pagtitipon ng mga nais makipag-usap sa wikang Ingles.



■ Translation (may bayad)

Tumatanggap kami ng pagsasalin sa iba't ibang wika ng mga dokumentong may kaugnayan sa kwalipikasyon sa residency tulad ng sertipiko ng kapanganakan, sertipiko ng kasal, rehistro ng pamilya at iba pang pangkalahatang dokumento.

■ Pagpasama sa interpreter (may bayad)

Kung hindi ka masyadong nakakaintindi ng Nihongo at nag-aalala ka sa pagpunta sa munisipyo, eskuwelahan, at iba pa ay maari kang magpasama sa isang interpreter.